WEEKS
2-4

# Ang "Hand Puppet" Gamit ang Bag na Papel

Aralin

## I

Ang araling ito ay naglalayong mapahalagahan mo ang pagkakaiba-iba ng mga puppets ayon sa materyales, porma hugis, kulay, at detalyeng tekstura.

Ang **puppetry** ay isang uri ng pagtatanghal gamit ang mga puppet o manika na nagsisilbing tau-tauhan sa isang palabas o kuwento. Maraming uri ng puppet at isa na rito ang puppet sa kamay na gamit ang bag na papel. Makalilikaha tayo ng puppet sa tulong ng mga patapong bagay. Ang iba't ibang hugis, kulay, at tekstura ng mga patapong bagay ay makalilikha ng payak subalit magandang puppet.

## A

Kompletuhin ang talata. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang mga sagot sa ibaba.

Ang ___1___ ay ginagamit pantulong upang ang mga ___2___ at dula-dulaan ay makapukaw ng pansin. Makabubuo ng puppet mula sa ___3___. Sa paggamit muli ng mga ito, nakatutulong tayo sa ___4___ ng ating kapaligiran.

| | |
|---|---|
| **Hand puppet** | **kuwento** |
| **patapong bagay** | **pangangalaga** |

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________

LIVEWORKSHEETS